

1

Malikot na gumala ang paningin ni Starr sa loob ng *Pizza Hut* sa Bayview sa Roxas Boulevard, particular na hinanap ng kanyang mga mata ang abogado na katagpo. Sa labing-apat na taon na hindi niya nakita ang abogado ng ama niyang si Ismael Lubredo ay hindi na niya ito mamukhaan; isa lang ang palatandaan niya base sa text nito kanina, nakasuot daw ito ng t-shirt na yellow green.

Ilang sandali pa ay may isang payat at may katandaang lalaki ang kumaway sa kanya. Awtomatiko ang pagbalik ng alaala sa kanya; ito nga ang lalaking nakikita niyang kausap ng papa niya lalo na kung pinag-uusapan ng mga ito ang karibal nito sa negosyo noon, hindi mapagkit ang tawa ng kanyang ama na nag-e-echo sa buong sulok ng bahay ng abogado kapag ito ang pinag-uusapan.

Yumukod siya rito nang makalapit, “*Maayong buntag, Atty. Cipriano. Mabuti’t namumukhaan mo pa ako.*” She flashed a friendly smile.

“Mahirap kalimutan ang mukhang sing-ganda mo, Hija.” Ngumiti ito, “*Maayong buntag kanimo, upo ka.*”

Umupo siya sa harap nito, “Ano’ng gusto mong order-in, Attorney?”

“Kahit ano na lamang sa akin, Hija.”

Binuklat niya ang menu book at tumingin doon ng gusto niyang makakain. Nag-order siya ng Hawaiian pizza, creamy mushroom soup at pineapple juice para sa kanila ng matanda.

“I heard what happened to Ismael, Hija, I’m sorry,” pagbubukas ni Atty. Cipriano ng usapan nang makaalis ang food server.

Tumango siya. “Mabilis ang recovery ni Papa, Attorney. Nagpapasalamat kami dahil nakaligtas siya sa pangalawang atake niya sa puso. Sadya yatang totoo ang kasabihang mahirap mamatay ang masamang damo.” Sinundan niya iyon ng tawa, na sinabayan nito.

“Mabuti’t naisipan mo ang bumalik ng Pilipinas, narinig kong maganda na ang trabaho mo sa California.”

“Isa akong investment researcher sa isang bangko sa LA. Hindi ko pa balak umuwi, Attorney, kung hindi lang nakiusap ang Papa na baka puwedeng ako muna ang personal na kumausap sa taong nagbayad ng pagkakautang niya sa bangko para hindi tuluyang ma-foreclose iyon.”

Tumango-tango ang abogado. “Pasensya ka na, Hija, kung pati ikaw ay hindi ko nasabihan. Sinabi sa akin ng papa mo na ilihim muna iyon sa ’yo.”

“Inatake na’t lahat si Papa ay napakalaki pa rin ng pride niya. Ayaw niyang tanggapin na naghihirap na ang mga lupaing iniwan sa kanya ng kanyang mga ancestors. Alam ko kung gaano

niya kamahal ang mga lupain niya sa Danao at gusto kong isalba ang mga iyon, Attorney. Magkano ang dapat naming bayaran? Ano ang mga kondisyones niya?”

Sa Danao, Cebu City ang probinsyang kinalakhan ni Starr. Doon galing ang kanyang pamilya.

Inihain ng food server ang kanilang mga inumin. Uminom muna ng pineapple juice si Atty. Cipriano bago ito nagsalita. “I think, ikaw ang dapat na makipag-usap sa kanya nang personal tungkol doon, Hija.”

“Paano ko siya makakausap, Attorney? Kilala ko ba siya?” Tunitig ito sa kanya na tila may kung anong bagay sa kanyang mga mata ang pilit nitong hinahanapan ng kasagutan. “Attorney?” Inulit niya ang pagtawag dito nang hindi ito sumagot.

“Wala bang nasabi sa ’yo ang papa mo?”

Umiling siya. “Hindi ho niya sinabi.”

“Si Diego Durano ang nagbayad ng utang ng iyong ama sa bangko, Hija, pati na ang *Hacienda Lubredo* ay napasakamay niya.”

Pinanlalamigan ng kalamnan si Starr sa narinig.

Of all people, bakit kailangang si Diego pa? Paanong nangyaring napunta ang mga lupain ng mga Lubredo sa mortal na kaaway, ang mga Durano?

“Paanong nangyari iyon, Attorney?”

Umiling ang kausap, “Siguro’y ang papa mo lamang ang makakasagot ng tanong mong iyan, Hija. Ang alam ko lamang ay si Diego ang nag-alok ng tulong noong mga panahong lubog sa utang sa bangko ang iyong papa.”

“Kailan pa umuwi si Diego ng Pilipinas?” Ang alam ng dalaga ay nag-aral ito ng Law sa Europa.

“Matagal na siyang narito, Hija. Siguro’y noong umalis kayo papuntang America ay hindi na siya kailanman umalis, siya na ang namahala ng mga lupain ng mga Durano mula noon. Nanduon lamang siya sa Danao at hindi umalis doon.”

Iba ang kuwento sa kanya ng mga magulang, pero matagal nang nangyari iyon.

“Puntahan mo lamang siya sa *Hacienda Durano* kapag nais mo siyang makausap.”

“Galit sa akin ang pamilya Durano, Attorney.”

“Matagal nang nakapagpatawad ang mga Durano, Hija. I’m sorry to say this, pero ang iyong papa ang sadyang matigas ang puso.”

Iyon ang katotohanang ikinahihiya niya, sadyang matigas ang puso ni Ismael. Siya nga na nag-iisang anak ay ginawan pa nito ng napakabigat na kasalanan, matagal na panahon na ang nakakaraan.

“Nasa Danao ho ba si Diego?” Tumango ang abogado. “Uwi po ako ng Danao pero sa resthouse na lamang ako tutuloy. Ang sinabi sa akin ni Yaya Conching ay ang bagong may-ari na daw ang nakatira sa villa.”

“Hindi siya nakatira doon, Hija. You can always stay there, iyon ang sabi ni Diego.”

Umiling si Starr. “Mas mabuti na ho iyon, Attorney, ang hindi ako magkaroon ng utang-na-loob sa kanya.” Pero kaagad din siyang napaisip; hindi ba’t nang bayaran nito ang pagkakautang ng papa niya ay nagkaroon na sila ng utang-na-loob dito?

“Nakausap mo ba ang iyong Yaya Conching?”

“Sinulatan ko siya dahil hindi ko alam ang telephone number nila doon at sumagot naman siya, pero may mga bagay siyang sinabi na lubhang nakapagpapalito sa akin.”

Tumitig ang matandang abogado sa kanya. “Anu-ano ang mga iyon, Hija?”

“Isa na doon ang nasagot n’yo na, Attorney, na kay Diego nga nakasanla ang lupain ng mga Lubredo at may sinabi siya sa akin na ihanda ko daw ang sarili ko kapag muling bumalik ng Danao dahil siguradong may dalawang tao akong makikilala.”

Tumango-tango ito, kanina pa niya napapansin ang matamang pag-aanalisa nito sa kanya. “Wala bang binabanggit ang mga magulang mo tungkol sa mga taong kailangan mong

makilala sa pagbabalik mo sa Danao?”

Umiling si Starr. “Sino ho ba ang mga iyon, Attorney.”

“Umuwi ka at kausapin mo si Diego, masasagot doon ang mga katanungan mo.”

Lalo lang nitong binuhay ang curiosity niya, dalawang linggo na siyang nag-iisip kung sino nga ba talaga ang dalawang taong kailangan niyang makilala.

Uuwi siya ng Danao at makikipagkita kay Diego, ang lalaking may malaking bahagi ng kanyang nakaraan. Ang naging dahilan kung bakit hindi na rin niya ninais na muling bumalik pa ng Pilipinas. Labing-apat na taon siyang namalagi sa America na hindi nakikibalita tungkol sa dating nobyo at ngayon pagkatapos ng napakaraming taon ay nakatakda ang muli nilang pagkikita.

Baka nga mayroon na rin itong asawa at mga anak. Pero ano naman sa kanya kung may sarili na itong pamilya, matagal na niya itong kinalimutan.

Sa fourteen years niyang pananatili sa America, she had previous on and off relationship, even flings, pero hindi niya sineryoso ang mga iyon. Siguro ay nagkaroon na rin ng trauma at lamat sa pagkatao niya ang nangyari sa Danao, labing-apat na taon na rin ang nakakaraan.

“Huwag n’yo pong sasabihin kay Diego ang pagdating ko, Attorney. Pupunta na lamang ako sa hacienda.”

Rekindled Passion - Christine Acance

Pagkatapos ng naging pag-uusap nila ni Atty. Cipriano ay bumalik siya sa hotel kung saan siya nag-overnight at nag-check out doon, pagkuwan ay dumerecho na siya sa domestic airport. Sa kanyang pag-uwi ay kakaunting gamit lamang ang dala siya, dahil wala siyang balak magtagal ng Pilipinas. Ang balak niya ay alamin lamang ang sitwasyon ng hacienda at muling babalik sa America para ipagpatuloy ang buhay.

Habang lulan ng eroplano ay binuklat niya ang sulat ni Yaya Conching na sadyang nagpapagulo ng isip niya. Muli niyang binasa ang ilang bahagi ng sulat.

Base sa kuwento mo sa iyong sulat ay wala ngang naikukuwento sa iyo ang iyong mga magulang. Ang tanging mahihiling ko lang sa 'yo sa iyong pagbabalik dito sa Danao ay maihanda mo ang iyong sarili na makilala ang dalawang tao. Hindi mo man lubusang buksan ang kabuuan ng puso mo sa kanila ay kahit man lang maliit na bahagi ng iyong puso ay pagbuksan mo sila...

Sino ang dalawang taong iyon na maaari niyang makilala sa kanyang pagbabalik sa bayan kung saan siya lumaki?

Bakasyon ng 1996 ang huli niyang pagtapak sa Danao. Marami nang pagbabago ang lugar at malaki ang iniunlad mula

noon, isa na ngayong chartered city ang Danao. Mula Cebu City ay kinailangan pa niyang sumakay ng bus mula sa North Bus Terminal, papuntang Danao.

Nang makarating sa terminal ang bus sa kabisera ay umarkila siya ng taxi na maghahatid sa kanya sa resthouse na tanging masasabing sa kanila pa rin dahil hindi iyon kasama sa mga pag-aari nilang nakasanla noon sa bangko.

Tahimik siyang nakaupo sa backseat ng taxi nang walang anu-ano ay biglang pumreno ang driver. Natuon ang mga mata ni Starr sa kabataang nakasakay sa nakahintong motorsiklo na nasa harapan nila na muntik nang makabanggaang ng taxi na sinasakyan niya. Nagkaroon siya ng iritableng pakiramdam para sa mga ito, siguro ay nag-mature na rin siya dahil noong kabataan niya ay gawain din niya ang makipaghabulan sa kalsada.

Nakita niyang bumaba sa *Firebolt* ang isang binatilyo, siguro ay wala pang eighteen ang edad. Napansin niyang nahihintakutan ang matandang driver.

“Huwag ho kayong mag-alala, Manong, ako na ho ang kakausap sa kanila.” Umibis siya ng taxi upang harapin ang motorcycle driver. “*Unsa man ang problema diri?*” kaagad niyang sita rito.

“Bulag ba ang driver mo at hindi napansin ang motor ko? Kung hindi pa ako agad nakapagpreno ay baka sa hospital na kami pulutin.” Nais niyang singhalan ang pagkaarogante ng kabataang

lalaki pero nagpigil pa rin siya.

“Ang driver ko ang agad na nakapagpreno, for your information. Kung hindi siya nagpreno agad ay baka sa sandaling ito ay sa hospital tayo lahat pulutin. Wala pa kayong mga helmet.” Ininguso niya ang kasama nitong babae, pero kaagad din siyang natigilan nang masipat nang husto ang mukha ng huli.

Tinanggal niya ang sunglasses na suot upang masiguro na hindi siya namamalikmata lamang. Pero nalaman niyang totoo ang nakikita dahil ito naman ang natigilan. Para itong nakakita ng multo sa katauhan niya.

“Luna, kamukha mo siya,” natitigilan ding sabi ng binatilyo sa kasama. Nakatitig na rin ito sa kanya sa pagkakataong iyon.

Hindi lang kamukha, dahil kung babalik siya sa edad niya na katulad ng sa dalagitang kaharap ay mapagkakamalang iisa lang sila.

Umirap ang babaeng nakilala niyang Luna ang pangalan, tila bale-wala lang dito at nakasandal ito sa motorsiklo.

“Bakit kayo nakikipagkarerahan sa gitna ng national highway? *‘Wa pa nimo helmet,*” aniyang itinago ang amusement sa tono, sa dalagita pa rin ang tingin.

“Katuwaan lang ito, Miss, don’t be killjoy. Magkamag-anak ba kayo?” sabi nig binatilyo.

“I’m afraid not.” Nagkibit-balikat siya. “Bakit hindi ang

kasama mo ang tanungin mo?”

Pero bago pa nakasagot ang dalagita ay isang kotse ang biglang sumagitsit at tumigil iyon sa kanilang harapan. Sumungaw mula sa bintana ng sasakyan ang mukha ng isa ring kabataang babae. Naiinis itong nakatingin sa kamukha niyang dalagita base sa pagkakasalubong ng mga kilay nito.

“Sinasabi ko na nga ba at kasama mo na naman ang Richard na ’yan. Halika na, Luna, kapag hindi ka naabutan ni Papa sa bahay ay magagalit na naman siya sa ’yo,” narinig ni Starr na sabi ng babaeng nasa kotse. Inirapan naman ito ni Luna; Richard pala ang pangalan ng binatilyo.

“Sandali na lang ito, ihahatid ako ni Richard sa bahay. Bakit ba atat na atat kang umuwi, eh, nasa supermarket pa naman si Papa,” inis sabi ni Luna sa dalagitang nasa kotse.

“Doon nga ako pupunta ngayon, dahil pupuntahan ko si Papa.”

Sumabad si Starr sa usapan ng mga ito. “Pasensya na kung nakakaistorbo ako sa inyo pero sa tingin ko, Luna, tama siya, sumama ka na sa kanya bago ka pa madamay kapag nakarating kami sa presinto. Siguro nama’y ayaw mong malaman iyon ng iyong papa.” Alam niya iyon dahil natatakot din siya noon kapag nalaman ng kanyang ama ang sinuong niyang kalokohan.

Ang dalagita sa kotse naman ang natitigilan habang nakatingin sa kanya, tila nakakita ito ng multo. Nang hindi ito

makapagsalita ay si Luna ang sumagot.

“Richard, sasama na lang ako sa kanya.” Mabilis na tinakbo nito ang kotse at pumasok sa loob.

“*Unsa ngalan nimo?*” tanong ni Starr sa babaeng nasa kotse na natitigilan pa rin habang nakatingin sa kanya.

“Sunshine po!” sabi nito.

“Nice to meet you both, Sunshine and Luna,” nakangiting saad niya, pero hindi na nakasagot ang mga ito dahil mabilis nang umandar ang kotse. Lalo pa siyang napangiti nang maalala ang pangalan ng mga ito... maikukumpara sa sun and moon.

“Manong, puwede n’yo ho bang sundan ang kotseng ’yun?” mabilis na pakiusap niya sa driver nang makapasok siya ng taxi.

“Sige ho!” Hindi na niya pinakawalan ng tingin ang kotseng nasa unahan nila.

“Iniisip mo rin ba ang iniisip ko?” sabi ni Sunshine kay Luna nang matagal na katahimikan ang namagitan sa loob ng kotse. “Base sa pagkakatingin mo sa kanya ay napansin mo din ang napansin ko.”

“Ano’ng napansin mo?” tanong ng kapatid.

“Kamukha mo siya, parang carbon copy ka niya... older version mo siya, Luna.”

“Marami ang magkakamukha sa mundo, Sunshine.”

“Ayaw mo bang tanggapin ang katotohanang nagbalik na ang ating mama?”

“Siya ba ang tinutukoy mong mama natin?”

Nagkibit-balikat si Sunshine, “Gusto kong isipin, nakita mo naman kung paano siyang natigilan nang makita ka.” Nagpatiuna si Luna sa pagbaba sa kotse nang marating nila ang supermarket na pag-aari ng kanilang papa.

Nakita ni Starr na nag-uunahan ang dalawang dalagita sa pagtakbo palapit sa isang lalaking nakatalikod at humalik dito. Gayon na lang ang panlalamig ni Starr nang humarap ang lalaki.

Walang iba kundi si Diego Durano!

Ito ang tinawag na ‘Papa’ ng dalawang babae, ang isa sa mga ito ay kamukha niya. Hindi siya puwedeng magkamali dahil higit kaninuman ay siya ang nakakakilala sa sarili niya at ganoon na ganoon ang hitsura niya noong kasing-edad niya ito.

Posible kaya...?

Siya na mismo ang hahanap ng kasagutan sa tanong niya, unti-unti siyang lumapit.

Nakita niyang may ibinulong si Luna kay Diego na ikinatingin ng huli sa gawi niya. Katulad niya ay tila natuka ito ng ahas nang makita siya.

Rekindled Passion - Christine Acance

Matagal na nag-ugnay ang kanilang mga paningin. Mababanaag sa mga mata nito ang galit, ang poot, na kahit hindi magsalita ay para siyang sinasakal sa klase ng pagkakatingin nito.